Lungsod ng Yatsushiro

# Wastong pagtapon ng basura

"**Basura**" kapag magkahalo , "**Yaman**" pag pinaghiwa-hiwalay.


**[Makipag-ugnay sa]**
**Eco-Eight Yatsushiro**
**[Yatsushiro City Environmental Center]**
**299 Minatomachi, Yatsushiro**
**☎ 32-4675　o 34-1997**


## Nasusunog na basura

Sundin ang mga sumusunod na patakaran, at itapon ang mga naangkop bilang nasusunog na basura.

① Ipasok ang basura sa tinakdang supot ng Yatsushiro at itapon.
② Itapon ang basura sa tamang araw at imbakan na tinakda ng inyong munisipalidad.
・Yatsushiro, Sakamoto, Izumi　　・・・6:30 am hanggang 8:30 am
・Sencho, Kagami, Toyo　　　　・・・6:30 am hanggang 8:00 am
③ Ang mga lata, babasaging bote, plastik na bote, mga kumot, atbp. ay hindi maaaring itapon bilang nasusunog na basura. Paghiwa-hiwalayin ang mga ito at itapon sa araw para sa mga nareresikulong kagamitan o kaya ay dalhin sa Eco-Eight Yatsushiro.

**《Takdang supot ng basura ng Lungsod ng Yatsushiro》**




Malaking supot [45ℓ 10 supot] ¥500
Medium na supot [30ℓ 10 supot] ¥350
Maliit na supot [15ℓ 10 supot] ¥200
Bilhin ang mga ito mula sa mga tindahan sa Yatsushiro

<Halimbawa ng mga maaaring isama sa nasusunog na basura>


Mga nabubulok na basura


Mga papel


Maruruming damit, damit na panloob


Rubber shoes, balat na sapatos, bota

atbp.

## Malaking basura

Ang mga nasusunog na basura at mga nareresikulong kagamitan na hindi matapon bilang kasangkapang bahay o de-kuryenteng kasangkapan, ay maaaring ilabas bilang malaking basura.
Humingi ng tulong mula sa mga lisensyadong kompanya na taga-kolekta ng basura o kaya ay direktang dalhin sa Eco-Eight Yatsushiro.
undin ang mga sumusunod na patakaran pag dadalhin ang mga ito sa Eco-Eight Yatsushiro.

① Dalhin lamang ang mga basura na galing sa lungsod ng Yatsushiro.
② Ang mga kotse na maaaring direktang dalhin sa Eco-Eight Yatsushiro ay limitado sa mga kotse na may maximum load capacity na 2 tonelada o mas mababa.
③ Depende sa inyong dinalang basura ay maaring may limitasyon sa dami ng maitatapon niyo. Alamin ang mga ito bago dalhin ang mga basura.
④ Makipagkonsulta sa mga pribadong negosyo ng pangongolekta ng basura kapag nahihirapan kayo na itapon ang basura niyo.

**[Paalala]**
**Mga bagay na hindi maipapatapon sa Eco-Eight Yatsushiro**

**・Basura mula sa mga pagawaan (Basura mula sa mga tindahan at ibang negosyo)**
**・Basura mula sa papapagawa ng bahay**
**・Tiles, bricks, kongkreto**
**・Mga piyesa ng motorsiklo at sasakyan**
**・Fire Extinguisher・LP gas cylinder**

**Makipagkonsulta sa mga pribadong negosyo ng pangongolekta ng basura.**

**Tungkol sa singil sa pagpoproseso at sa komisyon ng Eco-Eight Yatsushiro**

Maaring may **karagdagang hiwalay na bayad maliban sa** bayad para sa timbang **(¥100/10kg)** kapag nagdala ng mga ipapakolekta sa Eco-Eight.

<Halimbawa at limitasyon sa dami ng pagtapon ng mga mailalabas bilang malaking basura>


Mga kasangkapang bahay at mga bagay gawa sa kahoy.
Hanggang 5 bawat araw


Mga futon, carpet, Kutson (walang bakal)
Hanggang 5 bawat araw


Mga sofa at kutson (may bakal)
Hanggang 5 bawat araw


Fluorescent tube (lamp), bumbilya.
Hanggang 20 bawat araw

atbp.

## Mga de-kuryente Pagresikulo


**Hindi maaring itapon ang mga sumusunod na de-kuryenteng kagamitan sa imbakan ng basura. Mag-konsulta sa pinagbilihang tindahan o kaya sa mga espesyalistang kompanya.**

◎ Kapag bibili ng kapalit ・・・　Pakiusapan ang tindahan na pagbibilihan na kolektahin mula sa inyo ang bagay na nais iparesikulo.
◎ Kung magtatapon lamang・・・Bayaran ang singil sa pagresikulo ng mga de-kuryenteng kagamitan sa opisina ng koreo, at dalhin ang kagamitan kasama ng biniling tiket ng pagresikulo sa itinalagang lugar.
(Yatsushiro branch KURUME-TRANS Co.,Ltd. 2666-1 Shikigawachimachi, Yatsushiro-shi ☎ 33-1361) .


Air conditioner at outdoor unit


TV (CRT / LCD / Plasma)


Washing machine / clothes dryer


Refrigerator / freezer

## PC Pagresikulo

**Ang mga computer (desktop / laptop) ay hindi maaaring ilabas sa imbakan ng basura. Itapon gamit ng mga sumusunod na paraan.**





◎ Magpakolekta gamit ng libreng delivery na serbisyo
Nakikipagtulungan ang lungsod ng Yatsushiro sa kompanya na RenetJapan Inc. upang maghandog ng libreng pangongolekta ng mga hindi na kailangang de-kuryenteng kagamitan.

Para sa mga detalye, mangyaring bumisita sa website ng RenetJapan Inc.

◎ Pagpakolekta at resikulo sa manufacturer ng computer
Bumisita sa website ng PC3R at makipag-ugnay sa manufacturer ng inyong mga kagamitan.
Kung walang manufacturer para mangolekta, ang asosasyon ay magiging tanggapan para dito.


Ang paghiwa-hiwalay ng mga nareresikulong materyales (bote, lata, plastik na bote, plastik, papel, damit, kaldero at ibang bakal , maliliit na de-kuryenteng kagamitan, katamtamang laki na basura, mapanganib na materyales, baterya) ay nakasaad sa likod (pahina 2)

## Nareresikulong materyales

Sundin ang mga sumusunod na patakaran, at itapon sa dalawang araw bawat buwan para sa mga nareresikulong materyales.
① Pagsapit ng 8:30 ng umaga sa araw ng pagkolekta, ay ihahanay ang basura sa imbakan ayon sa sumusunod.



② Mangyaring paghiwalayin ang mga ito nang sa wastong lambat o lalagyan at tuwing itatapon ang mga ito.

**[Makipag-ugnay sa]**
**Eco-Eight Yatsushiro [Yatsushiro City Environmental Center]**
**299 Minatomachi, Yatsushiro**
**☎ 32-4675 o 34-1997**

## Mga bote

Alisin ang takip at banlawan.
Paghiwalayin ayon sa kulay ang mga bote.
Huwag tanggaling ang label bago itapon ito.

● Malinaw na bote



**Mga boteng malinaw na naglaman ng juice, alak, jam, o coffee powder.**

● Boteng kulay brown



**Mga boteng kulay brown na naglaman ng juice, alak, nutritional supplement, o gamot.**

● Mga ibang kulay ng



**Mga bote maliban sa mga malinaw at kulay brown na bote, mga basag na bote**
Itapon dito ang boteng hindi kayo sigurado sa kulay.

● Bote ng beer



**Mga issho bottle at mga bote ng beer na may marka na nagsasaad na "returnable bin"**

## Baso at Seramika



**Mga basong salamin, platong seramika o salamin, mangkok, paso, atbp.**
Maaring itapon dito ang mga basag na baso, bote, plato at mangkok pati na din ang mga piraso ng mga ito.

## Mga lata [aluminyo na lata, bakal na lata]

Hugasan ang mga lata ng mga delatang pagkain at inumin bago itapon ang mga ito. Para sa mga latang kinalawang o may dumi na hindi matanggal, itapon ito sa tapunan ng "Kaldero at ibang bakal".



**Tulad ng nakasaad sa kaliwa, mga latang may marka**

Siguraduhing ubusin ang laman ng spray can at butasan ito bago itapon. Kapag bubutasan ang spray can, gawin ito sa isang lugar na mahangin upang hindi ito maging sanhi ng sunog.
Itapon ang mga lata ng spray paint sa "Mga kaldero at ibang bakal" at mga lata ng insecticide spray sa "Mga mapanganib na materyales".

## Takip na gawa sa metal



**Mga takip ng bote ng beer, mga takip ng lata, atbp. Takip na gawa sa metal**

## Kaldero at ibang bakal



**Mga kaldero, kawali, patalim tulad ng kutsilyo, mga pinong metal tulad ng mga alambre, at mga spray can ng pintura atbp.**
Itapon ang patalim ng mga pang-ahit sa "Mga mapanganib na materyales".

## De-kuryenteng mga kagamitan



**<u>Mga de-kuryenteng kagamitan na may sukat na humigit-kumulang 30cm o mas maliit</u> tulad ng mga dryer, camera, game console, at relo**
Para sa mga maliliit na de-kuryenteng kagamitan, Alisin ang kurdon itali ito ng sama-sama, alisin ang baterya at itapon ito sa tapunan ng "Baterya".

## Katamtamang laki na basura



**Mga de-kuryenteng kasangkapan na <u>may sukat na humigit-kumulang 30 hanggang 60cm, tulad ng mga microwave oven, kalan, DVD recorder, rice cooker, at ibang produktong naglalaman ng metal. Bentilador, vacuum cleaner, at mga bisikleta ay maaaring itapon kahit na lumampas ang laki nila sa 60cm.</u>**
Para sa mga maliliit na de-kuryenteng kagamitan, Alisin ang kurdon itali ito ng sama-sama, alisin ang baterya at itapon ito sa tapunan ng "Baterya".

## Mga mapanganib na materyales

**Mga fluorescent tube, bumbilya, talim ng pang-ahit, lighter, karayom, salamin, lata ng insecticide spray kemikal na pang-agrikultura.**

## Baterya

**Alkaline o manganese na baterya**
Hindi maaring itapon dito ang mga rechargable na baterya at button cell na baterya. Makipag-ugnay sa tindahan ng mga kagamitang de-kuryente.

## Plastik na bote

Banlawan ito bago itapon.



**Tulad ng nakasaad sa kaliwa, ang mga bote ng inumin, alak o kaya pampalasa na may marka**

Alisin ang balot at ilagay ito sa "Balot ng mga Plastik na Lalagyan".
Mga boteng hiwa o ginupit para sa mga gawaing sining
ay itapon sa **nasusunog na basura**.

## Takip ng plastik na bote

Banlawan ito bago itapon.



Hangga't maari ay siguruhin na hindi mahahalo ang mga takip dito.
Ilagay ang takip ng lalagyan ng pampalasa sa "Balot ng mga Plastik na Lalagyan ".

## Styrofoam tray

Banlawan ito bago itapon.



**Styrofoam tray na naglalaman ng karne at isda**
Itapon ito sa **nasusunog na basura** kapag hindi matanggal ang amoy mula dito.

## Balot ng mga Plastik na Lalagyan

Hugasan at tanggalin ang dumi.



**Tulad ng nakasaad sa kaliwa, mga plastik na lalagyan, balot, at mga film sheet.**

Mga bagay tulad ng styrofoam tray na pinaglagyan pagkain at ibang produkto tulad nito at na din ang mga takip at balot ng mga ito.
Itapon ito sa **nasusunog na basura** kapag hindi matanggal ang amoy mula dito.

## Mga produktong gawa sa plastik

Hugasan at tanggalin ang dumi.



**Mga produktong gawa sa plastik, gaya ng mga planter, timba, plastik na tangke, at plastik na kahon ng damit.**



Dapat malinis at walang amoy ang mga styrofoam na itatapon dito.
Pira-pirasuhin sa mga maliliit na piraso ang mga styrofoam na hindi matanggal ang dumi at itapon sa **nasusunog na basura** .

## Karton ng inumin

Banlawan, gupitin at buklatin.



**Mga karton ng inumin, tulad ng nakasaad sa kaliwa.**
Itapon sa "Balot ng mga karton ng inumin" ang mga karton na may aluminum foil sa loob.

## Balot ng mga karton ng inumin

Mangyaring alisin ang film nito.

**Tulad ng nakasaad sa kaliwa, mga karton ng inumin, papel na pambalot, at paper bag.**



Bigkisin at itali ng pagkrus ang mga papel o kaya ay ipasok sa supot na may marka sa pagresikulo bago itapon ang mga ito.

## Karton

Hindi pwede ipagsama-sama gamit ang masking tape.



**Tulad ng nakasaad sa kaliwa na may marka ng pag resikulo, mga gamit na alun-alon ang hugis ng kinalolooban.**

## Damit at tela

Itapon sa **nasusunog na basura** ang mga damit na gawa sa balat maruruming damit, damit na panloob at mga medyas.

Mangyaring ipasok ang mga ito sa isang malinaw na supot at itapon.
Kung nais niyo na magtapon ng kurtina ay gupitin ito sa mga mas maliit na 30cm na kudradong mga piraso at itapon sa **nasusunog na basura**, o direktang dalhin ito sa Eco-Eight Yatsushiro.

## Mga magasin at sari-saring papel

Mangyaring tanggalin ang film nito.

**Mga aklat-aralin, paperback na aklat, lingguhang magasin, katalogo, pamplet, sobre, diksyunaryo, atbp.**
Tanggalin ang mga bagay na nakakabit sa mga magasin bago itapon ang mga ito.

## Mga diyaryo at flyer

Ang mga flyer ay mga papel na kasamang binibigay kasama ng dyaryo upang mag-advertise.
Hindi na kailangang paghiwalayin ang mga dyaryo at flyer.